Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGHAHAYAG: Enero 29, 2026
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Inaprubahan ng Lupon ng Distrito ng Hangin ang bagong programang gawad upang muling ipuhunan sa mga apektadong komunidad ang pondo mula sa multa

Mahigit $90 milyon ang nakalaan para sa Benicia, Richmond at mga karatig na komunidad

SAN FRANCISCO – Inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang mga alituntunin sa gawad para sa Pondo para sa Benepisyo ng Lokal na Komunidad (Local Community Benefits Fund), na isang mahalagang hakbang para sa programang Bay Reinvesting Penalties for Air Improvement and Resilience, o programang Bay REPAIR. Magsisimula ang programa sa pagtanggap ng mga aplikasyon para sa gawad sa **Ene. 29, 2026**, na magbubukas ng bagong oportunidad para sa mga proyektong pinamumunuan ng komunidad na naglalayong mabawasan ang polusyon sa hangin, mapahusay ang pampublikong kalusugan, at mapalakas ng katatagan ng komunidad sa Benicia, Richmond at mga karatig na komunidad.

"Ang mga aksiyon sa pagpapatupad ng Distrito ng Hangin ay nagbunga ng mahigit $124 milyon sa mga komunidad ng Bay Area, at tinitiyak ng programang REPAIR na ang pondong iyon ay nagagamit sa mga pinakakailangan," sabi ni Dr. Philip Fine, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Pinopondohan ng mga pamumuhunang ito ang mga proyekto sa mga komunidad na may pinakamabigat na problema sa kalidad ng hangin sa loob ng ilang dekada. Sa ganitong paraan, ang pagpapatupad ay nagreresulta sa mga kongkretong pagpapabuti sa kalidad ng hangin at tunay na proteksiyon sa kalusugan para sa mga residente ng Bay Area."

"Ang ating bagong makasaysayang patakaran na ilaan ang mga multa at parusa sa mismong komunidad kung saan naganap ang pinsala ay mahalaga upang makamit ang pagkakapantay-pantay at pagiging patas para sa mga komunidad tulad ng Richmond, North Richmond at San Pablo," sabi ng superbisor ng Contra Costa County at miyembro ng lupon ng Distrito ng Hangin na si John Gioia, na kumakatawan sa lugar ng Richmond. "Tumulong ako sa pagsusulong ng patakarang ito dahil ang mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon ay nararapat ding unang makatanggap ng mga benepisyong pangkalusugan at pang-ekonomiya mula sa mga multa/parusa."

Commented [MI1]: @Brian Butler headlines and subtitles need to be short and concise, we can get into formal names and dates in the body of the release. I reverted back to Ralph's draft.

Commented [BB2R1]: Thanks Miranda! looks good to Emi and I

“Ang aksiyon ng Lupon sa pag-apruba ng mga alituntunin para sa paggamit ng pondo mula sa multa ay napakahalaga sa Lungsod ng Benicia,” sabi ni Steve Young, ang alkalde ng lungsod ng Benicia at miyembro ng lupon ng Distrito ng Hangin. “Sa nalalapit na pagsasara ng planta sa Valero, at sa malaking pagkawala ng kita ng lungsod at komunidad, ang pagkakaroon ng access sa pondong ito ay napakahalaga upang masuportahan ang mga proyekto at serbisyo para sa komunidad.”

Ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay sinusuportahan ng Patakaran sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Komunidad (Community Benefits Penalty Funds Policy) ng Distrito ng Hangin, na nag-uutos na ang isang bahagi ng mga multang ipinapataw dahil sa mga paglabag sa kalidad ng hangin ay ibinabalik sa mga komunidad na naapektuhan ng mga paglabag na iyon.
Ang mga gawad ay iaalok sa tatlong kategorya:

- **Seed Grants ($100,000 hanggang $200,000):** sumusuporta sa mas maliliit na proyektong pinangungunahan ng komunidad
- **Opportunity Grants ($500,000 hanggang $5 milyon):** sumusuporta sa mga kolaboratibong proyekto na pinangungunahan ng mga partnership sa iba't ibang stakeholder
- **Catalyst Grants ($10 milyon hanggang $40 milyon):** sumusuporta sa malalaking kolaborasyon na binuo ng maraming proyekto na idinisenyo upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng komunidad

Ang mga proyekto ay dapat magsulong ng hindi bababa sa isa sa dalawang pangunahing estratehiya ng programa: pagbabawas ng polusyon sa hangin at pagpapabuti ng mga resulta sa kalusugan o pagbibigay ng katatagan sa ekonomiya.

Kabilang sa mga kwalipikadong pangunahing aplikante ang mga nonprofit na organisasyon, mga ahensiya ng lokal na gobyerno, mga lungsod, mga county, mga paaralan, mga unyon, at Mga Katutubong Amerikanong Tribo sa California (California Native American Tribes).

Kabilang sa inaasahang timeline para sa Round 1 ang:

- **Ene. 29, 2026:** Pagbubukas ng mga aplikasyon para sa gawad
- **Peb. 18 – 19, 2026:** Mga sesyon ng impormasyon tungkol sa gawad
- **May. 1, 2026 (5 p.m.):** Deadline ng Aplikasyon para sa Catalyst Grant sa Benicia
- **May. 29, 2026 (5 p.m.):** Deadline ng aplikasyon para sa gawad (hindi kasama ang Catalyst Grant sa Benicia)
- **Tag-init – Taglagas 2026:** Pagsasaalang-alang ng lupon sa mga rekomendasyon sa pagpopondo
- **Huling bahagi ng 2026 – 2027:** Pagsasapinal sa mga kasunduan para sa gawad at pagsisimula ng mga proyekto

Ang mga materyal sa aplikasyon at detalyadong impormasyon tungkol sa programa ay nasa website ng Distrito ng Hangin sa: www.baaqmd.gov/community-investments. Para sa mga

Commented [BB3]: while approving the guidelines today, the BOD made a small tweak to the deadline. This needs to be updated. Working on the language now.

Commented [MI4R3]: How does this look? @Brian Butler @Emi Wang

Commented [BB5R3]: @Miranda, just conferred with Emi and both of us REALLY like the language you developed. Thank you so much

tanong tungkol sa programa o proseso ng aplikasyon, ang mga aplikante ay maaaring makipag-ugnayan sa Community Investments Office ng Distrito ng Hangin sa communityinvestments@baaqmd.gov.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa siyam-na-county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | News Releases